

**DUMUT** (Draft 3)

By: Manie Magbanua, Jr.

White text on black background (font: Courier New)

***Estorya nga himu-himo lang pero may kamatuoran.***

*(Kuwentong 'di totoo pero totoong nangyayari.)*

Opening credits on black background. Maririnig ang isang programa sa radio. Tinatalakay ang resulta ng katatapos lang na eleksyon. May bago ng alkalde (or gobernador) sa bayan ng LABAO.

**SEQ 1. EXT. TABING KALSADA. HAPON**

May isang bata na nakaupo sa isang kahoy sa labas ng kanilang bahay. Hinihintay niya ang pagdating ng kanyang ama galing sa trabaho.

Siya si *NONOY*, 4 na taong gulang at bunsong anak nina *LINO*, 38 taong gulang - isang government employee at nagtatrabaho sa munisipyo ng *Labao*; at *NITA*, 35 taong gulang - isang tindera ng gulay at isda sa palengke.

May dadating na tricycle at bababa si Lino. Iaabot ni Lino ang isang supot kay Nonoy. Bubuksan ni Nonoy ang supot at makikita ang lamang pansit at siopao. Mapapangiti ang bata at yayakap sa ama. Bubuhatin ni Lino si Nonoy at papasok sila sa loob ng bahay.

**SEQ 2. INT. BAHAY. NIGHT.**

Sa dingding na gawa sa kawayan makikita ang nakasabit ang 3 kuwadro na nagsasaad ng 3 taong magkasunod na "Government Employee of the Year" award ni Lino. Nakahain ang pancit at pritong isda sa maliit na mesang gawa rin sa kawayan. Naghahapunan ang buong pamilya kasama si *BUDAY*, 2<sup>nd</sup> year high school at panganay na anak nina Lino at Nita. Nag-uusap ang mag-asawa tungkol sa paglipat ni Lino sa kanyang bagong assignment.

LINO

Wara gid ko ti mahimo ba. Gin-estorya ko run ang head namun pero wara man kuno tana ti mahimo. Halin ang (utos) sa babaw. Kinahanglan mapanaw run gid ako sa sunod nga semana.

Daw kisra nalang siguro ako makauli sa sulod kang sangka bulan.

*(Hindi ko na talaga nagawan ng paraan. Kinausap ko na ang head namin pero wala narin daw siyang magagawa. Nanggaling ang utos sa taas. Kailangan ko na talagang umalis sa susunod na linggo.)*

*Isang beses nalang ako makakauwi sa loob ng isang buwan.)*

NITA

Anuhon ta ra bay. Tiyempo-tiyempo lang man ra. Mayad lang gani ra hay regular kaw mong. Kun indi, puruton nalang timo sa binit-binit.

*(Ganun talaga eh. Pana-panahon lang yan. Mabuti nga lang at regular diyan sa trabaho mo. Kung hindi, pupulutin ka nalang sa kangkungan.)*

LINO

Ikaw nalang bahala sa mga bata ha. Diyan man si pare Panggol kag mare Inay kun alang-alang gidman.

*(Ikaw na ang bahala sa mga bata. Humingi ka nalang ng tulong kay Pareng Panggol at Mareng Inday kung sakaling alanganin ka.)*

Titingin siya kay Buday.

LINO

Buligan mo si Nanay mo rudya ha? Bantayan mo gid pirmi ra libayun mo. Bisan sarawayun ra hay nagapamati man. Indi niyo pagpabay-an nga makaguwa sa karsada hay basi maligpit

gani ra, tapos gid. Duro nga daan mga bagon nga naga-agi  
jan, ay... delikado.

*(Tulungan mo ang nanay mo dito. Bantayan o lagi ang kapatid  
mo. Makulit pero sumusunod naman 'yan eh. Wag niyong hayaan  
lumabas ng kalsada at baka masagasaan. Maraming humaharurot  
na sasakyan diyan. Delikado.)*

Tahimik lang si Buday pero halatang nakikining at naiintindihan  
ang habilin ng ama.

**SEQ 3. EXT. KUBO. TAKIP-SILIM.**

Nag-iinuman sina Lino at ang dalawang kaibigan niyang sina UWA -  
37 taong gulang, mabait pero seryoso; at PANGGOL 36 taong gulang  
at kumudyante sa grupo. Magkukuwento nanaman ng katatawanan si  
Panggol kasabay ng kanyang *signature* ngiting-aso.

PANGGOL

Pre, may istorya ako bala kaninyo.

*(Pre eto may kuwento ako sa inyo.)*

UWA

Ay tapos ta. Kalokohan liwan diya...

*(Naku patay... Kalokohan nanaman yan!)*

PANGGOL

Indi ah. Pag-un diya pre! Pamati lang bala...

*(Hindi, panalo 'to! Makinig kayo. Nagsama-sama sa isang  
mataas na building ang hapon, intsik, koreano at Pilipino.  
Kinuha ng hapon ang camera niya at tinapon. Nagulat ang  
intsik, koreano at Pilipino. Sabi ng hapon (in Japanese  
accent): Kamera? So many in Japan! Humanga ang lahat.*

*Tumayo naman ang Intsik, naglabas ng mamahaling cellphone at tinapon ito. Sabi ng intsik (in Chinese accent): Sell pon? Bery meni in China! Hindi nagpatalo ang Koreano at bigla ring tumayo. Kinuha ang laptop at tinapon. Sabi niya (in Korean accent): Loptop? So many in Korea! Manghang-mangha Hapon at Intsik at mayabang na lilingon sa Pilipino. Tumayo ang Pilipino at biglang tinulak sa buiding ang Koreano. Nagulat ang Intsik at Hapon. Sinabi ng Pilipino (in Visayan accent): Koreans? Soooooo mini in da Pilipins!)*

Magtatawanan ang tatlo. Mapapansin ng dalawa na medyo pilit ang tawa ni Lino.

UWA

San-o kaw mapanaw pre?

*(Kelan ang alis mo pare?)*

LINO

Sa Lunes run pre.

*(Sa Lunes na 'pre.)*

UWA

Wara pa takun kaagto sa Isla Uring nga ra haw. Tama ka rayu run tana ra. Pira kaw ka oras gani sa baruto kara pre?

*(Hindi ko pa nga narating yung Isla Uring. Ang layo nun pre ah. Di ba ilang oras kang magbabangka bago ka makarating dun?)*

PANGGOL

Gani. Duro run tana nalunod diyan kara. Daw Simbahan kuno ka bahul ang balug nga maagyan mo diyan. Kapin pa kadya nga bulan ay, tapos timo.

*(Oo nga. Marami nang lumubog na bangka diyan dahil sa laki ng mga alon. Mala-simbahan daw ang alon diyan lalo na ngayong buwan na 'to.)*

UWA

Daw wara pa gani tana ti kuriente didto mong. Te, ano nga... didto gid timo itablug pre haw? Pigado "backer" ta haw?

*(Di ba wala pang kuryente dun? Eh, bakit ka naman ililipat dun pre? Wala na ba tayong kapit?)*

LINO

Man-an niyo man ang pulitika bay... Iba run ang administrasyon ti kun mahan-an timo nga hamot sa sa pihak kauna, tapos kaw gid eh. Tablug timo kun sa diin-diin eh. Amo gidman tana ra ang sistema pre bay. Paayon kaw lang eh para may obra kaw man gihapon.

*(Alam niyo na... pulitika. Palit administrasyon, palit din ng tao. Lahat kaming kakampi daw ng dating administrasyon, pinapatapon muna sa malayo. Ganun talaga ang sistema sa atin eh. Wala tayong magagawa dun. Kapit sa patalim lang para di mawalan ng trabaho.)*

UWA

Buslanay lang man ra ah. Sanda abi kadya. Bag-o liwan tawo. Pag-iba liwan ang makapungko, islan liwan. Amo ra nga wara ti asenso. Ang problema, kun maislan pa eh. Te, banta mo haw, maislan pa ayhan?

*(Sila naman ngayon. Palitan lang. Hintay ka nanaman niyan pre pag ang boss mo ang makabalik. Pagkatapos ng 9 na taon, hahaha. O baka nga hindi na... ano sa tingin mo?)*

PANGGOL

Paano gali kaday Nita kara pre bay? Wara sanda ti imaw kara eh.

*(Paano naman sila Nita? Eh di wala silang makakasama?)*

LINO

Wara eh. Agwanta nalang anay ah. Lingling-linglinga nalang anay pre lihog. Ikaw lang man rapit nga masarigan ko eh.

*(Wala. Kasama yan sa sakripisyo yan pare. Pakitingnan mo nalang ang mag-ina ko pare. Ikaw lang naman ang malapit na maaasahan ko eh.)*

Patuloy ang bilin Lino kay Panggol.

LINO

Ikaw nalang bahala mamaghut. Partehan mo nalang si Nita kun pira ang binta mo ah. Kana mo nalng i-ingreso pre ha?

*(Ikaw na muna ang bahala sa Tuba ko. Ikaw na ang "mamaghut" sa hapon. Partehan mo nalang si Nita kung magkano man ang benta mo. Sa kanya mo nalang i-ingreso.)*

PANGGOL

Ako ang bahala pre ah. Andam lang didto.

*(Akong bahala pare. Mag-iingat ka dun.)*

Ngingiting aso nanaman si Panggol. Magpapaalam sila sa isa't-isa.

**SEQ 4. TABING KALSADA. EXT. SUSUNOD NA HAPON**

Nakaupo si Nonoy sa isang kahoy sa labas ng kanilang bahay. Hinihintay niya ang pagdating ng kanyang ama galing trabaho.

May dadating na tricycle at bababa si Lino. Iaabot ni Lino ang isang supot kay Nonoy. Bubuksan ni Nonoy ang supot at makikita ang lamang pansit at siopao. Mapapangiti ang bata at yayakap sa ama. Bubuhatin ni Lino si Nonoy at papasok sila sa loob ng bahay.

#### **SEQ 5. INT. BAHAY. GABI**

Katatapos lang maghapunan ang pamilya. Nakahiga si Lino sa isang papag. Nagbibihis si Buday sa isang silid na may takip lamang na kurtina para mahiwalay ito sa kainan. Naglalaro sa isang sulok si Nonoy habang naghuhugas ng pinggan si Nita.

May maririnig na ingay sa bubong ng bahay ang lahat. Magtitinginan ang mag-asawa.

Tatayo si Lino at kukuha ng itak.

LINO

Sin-o ra?

*(Sino 'yan?)*

May maririnig silang tunog na parang may nahulog mula sa bubong ng kanilang bahay. Tatakbo palabas si Lino.

May maririnig siyang yapak, patakbo sa malayo. Hinabol niya ito pero hindi niya ito aabutan.

**SHOW LINO'S FEAR. DRAMATIC MOMENT ITO NA PWEDENG IPAKITA SA MUKHA NIYA YUNG KINATATAKUNTAN NIYA 'PAG UMALIS NA SIYA. KASMANG PANLULUMO, LUNGKOT, TAKOT. -Noted**

#### **SEQ 6. BAHAY. EXT. UMAGA**

Umiiyak si Nonoy, habang nagpapaalam ang ama. Ilalayo siya ni Nita. Lalabas ng bahay si Buday dala ang kanyang mga gamit sa

eskuwela. Malungkot din ang mukha. Magmamano sa ama at magpapalam na papasok sa eskuwela.

Magpapaalam si Lino sa asawa at tatalikod paalis, hahagulgol sa pag-iyak si Nonoy.

Papasok si Nita at Nonoy sa loob ng bahay.

**SEQ 7. EXT. PALENGKE. UMAGA**

Nag-uusap si Nita at ang kaibigang si INDAY - tsismosang kapit-bahay at asawa ni Panggol habang nagtitinda sa palengke. Malungkot ang mukha ni Nita. Mapapansin ito ni Inday.

INDAY

Te, mre, budlay gidman kun rayu asawa mo na?

*Randam mo na mare ang hirap ng mapalayo sa asawa ano?)*

NITA

Amo gid eh. Kinse anyos nga daan nga wara gid kami kabulagay ni Lino. Kadya lang gid nga lawid-lawid. Ginahimo na lang man tana kara ang obra na. Wara man tan aria ti ginakampihan pero ginsaylo man gihapon sa obra nga indi na man gid linyada. Ang pigado pa kara hay ang ginbulos kana, may kaso pa. Ti, kita mo gidlang ria...

*(Oo nga eh. Sa 15 taon na mag-asawa kami ni Lino, ngayon lang kami naghiwalay ng matagal. Ginagawa niya lahat para maayos ang trabaho. Wala naman talaga siyang kinakampihan na kandidato eh. Tinanggal parin siya at binigyan ng ibang assignment na wala naman siyang alam. At ang ipinalit sa kanya, may kaso pa.)*

INDAY



Amo gidman tana ra atun rudya m're, bisan pigado kaw basta may kapit, may puestuhan timo gid. Pero bisan sagad kaw kun medyo hina kapit mo, tae. Sapwan lang timo eh.

*(Eh, ganun talaga eh. Sistema na sa pulitika yan eh. Kahit gaano ka katino at magaling sa trabaho mo, basta't di ka kasama sa grupo at sasalungat ka sa sistema, kahit nasa tama ka ay tiyak pupulutin ka nalang sa kankungan.)* (SOUNDING TOO PREACHY, PAPS. OR MAYBE IT'S JUST ME. ☺ ) - **Noted**

May mapapansin si Inday na dumating sa palengke. Si ROMAN. May kaya sa buhay at isa sa mga kagawad sa lugar.

INDAY

Oy, mabalitaan mo kun ano ang natabu sa bata ni Roman? Ang nagdaug bala kauna sa miss miss rudya sa Labao haw. Nag-uli run bay halin sa Manila. Nagbusong kuno!

*(Oy, alam mo ba ang balita diyan sa anak ni Roman? Yung panganay na nanalo dati sa Mutya ng Labao? Umuwi daw galing ng Manila. Buntis!)*

NITA

Ay tuod? Taga Manila ang bana na? Guwapo ayhan?

*(Talaga? Sino ang asawa? Taga Maynila? Pogi?)*

NITA

Wara gani! Ay maan. Mangisyan timo. Hambal nanda ginpabusong kuno kang tamawo!

*(Wala ngang asawa eh! Magugulat ka at ang sabi nila, nabuntis daw ng enkanto!)*

NITA

Tamawo?! Ay yamat, uso pa tana ra haw? Paano tana natabo ria?

*(Engkanto?! Uso pa ba 'yun ngayon? Paano naman nangyari yun?)*

INDAY

Ay maan, hambal nanda nag-outing kuno sanda imaw ang mga imaw na sa obra sa... diin gani to man... daw sa Quezon man to. Basta rayu.

Tapos, nakursunadahan kuno kang engkanto. Nagtawas kuno ang engkanto sa Manila. Dan, amo ra nga pagkatapos kuno kang pira ka bulan, nagbahul busong na.

*(Nag-outing daw sila ng mga kasamahan niya sa trabaho dun sa... Quezon ba yun... Basta malayo.*

*Tapos nakursunadahan daw ng enkanto. Hindi niya alam na sumama sa kanya sa Manila. Ayun, ilang buwan ang lumipas at unti-unti na daw lumalaki ang tiyan.)*

NITA

Ay amo gali? Daw kaharadlukan man tana ra man. Kaluluoy man. Ano bay hambal ni Belen?

*(Ay ganun ba? Naku nakakatakot ang ganun ah. Kawawa naman. Anong sabi ni mareng Belen?)*

INDAY

Ay te, didto eh. Nataranta to ka pangita kang albularyo. Paobrahan nanda kuno.

*(Eh, ayun nga at nagkakandarapa maghanap ng albularyo.  
"Paobrahan" daw nila.)*

NITA

Tamawo? Sus ginuo! Ano hitsura kang bata na kara bay?

*(Engkanto? Naku... Eh, ano kaya ang magiging hitsura ng anak  
niya?)*

Biglang susulpot si Roman sa tabi nila. Magugulat ang dalawa.

ROMAN

Tagpira ang kilo kang Panit niyo?

*(Magkano ang kilo nitong tambakol?)*

INDAY

Aysus, Roman! Nangisyan ta man kanimo. Siyento baynte.

*(Ay Roman! Nagulat naman ako sa'yo. 120.)*

*(I STILL COULDN'T GET THIS SEQUENCE. MEJO LUMAYO SA REALISTIC  
SETTING. THIS IS SUPERNATURAL. SIGURO STICK REALISM ABOUT  
GOVERNMENT BEAUROCRACY.) - tie up to the aswang scene in Handum.  
Meant to be independent in the story but adding a touch of  
Antique's or "probinsiya" culture.*

#### **SEQ 8. INT. BAHAY. HAPON**

Gumagawa ng trabahong bahay si Nita habang nanood si Nonoy na nakaupo sa isang tabi. May mapapansin siyang butas sa bubong ng kanilang bahay. Silipin niya ito. Dadating si Buday galing eskuwela. Ilalapag niya ang kanyang gamit sa papag kung saan palaging nakahiga ang kanyang ama. Lilingon si Nita. Titingin siya si kinaroroonan ng bag ni Buday. Maalala niya ang asawa. Makikita ang lungkot sa kayang mga mata. Maghahanda sila ng hapunan.

**SEQ 9. INT. HAPAG KAINAN. GABI**

Kumakain ng hapunan ang mag-iina.

NONOY

Nay, san-o mauli si Tatay ma?

*(Inay, kelan ba uuwi ang tatay?)*

NITA

Mga darwa ka semana pa siguro Noy.

*(Mga 2 linggo pa anak.)*

NONOY

Lawid-lawid gid ba. Madara tana kang pancit 'nay?

*(Ang tagal naman. Magdadala ba siya ng pancit 'nay?)*

NITA

Amo gid ra guro eh. Man-an na man nga paborito mo ra bay. Pati siopao gani siguro madara man to.

*(Siyempre. Alam niyang paborito mo yun eh. Pati siopao magdadala yun.)*

NONOY

Daad mauli run tana sarum-an dayon.

*(Sana bukas nandito na siya...)*

Titingin si Nita kay Buday.

NITA

Buday, kumusta ang pag-aaral mo?

BUDAY

May project kami sa school Inay. Kailangan naming mag-ambagan ng tag-iisang daan para pambili ng materyales sa Lunes.

NITA

Puwede bang pagdating nalang ng tatay mo? Wala pa tayong pera ngayon. Ang kinikita ko sa palengke tama lang sa pagkain natin araw-araw. Ubos na ang iiwang pera ng tatay mo eh. Binayad ko sa utang natin sa tindahan para makautang tayo uli.

Kailangan ko pang ayusin ang bubong natin kasi tag-ulan na. Pag hinintay pa natin ang tatay mo para gawin yan, baka abutan na tayo ng bagyo. Liliparin ang bubong natin.

BUDAY

Eh 'nay, may deadline yun. Nakahiya naman kung ako lang ang di makakapag-bayad.

Mag-iisip si Nita

NITA

O siya sige, ibenta nalang natin ang ibang manok ng tatay mo.

Tatahimik nalang si Buday at ipagpatuloy ang pagkain.

**SEQ 10. INT. GABI. BAHAY.**

Papasok si Buday sa kuwarto para magbihis. Akmang maghuhubad na siya ng damit ng bigla nanamang may kakaluskos sa bubong ng kanilang bahay. Titingala siya at mula sa butas ng kanilang bubong, maaaninag na may matang naninilip sa kanya. Sisigaw si Buday ng malakas at tatakbo sa labas ng kuwarto. Sasalubungin siya ng kanyang ina at yayakapin ito. Mangingig sa takot si Buday habang umiiyak naman sa gulat si Nonoy.

**SEQ 11. EXT. HAPON. BAHAY NI INDAY**

Pumunta sa bahay ni Inday si Nita kasama si Buday. Tatawagin ni Nita si Inday.

NITA

`day? `day! Mare!

Lalabas ng pinto si Inday

INDAY

Ano yun mare?

NITA

Puwede bang hiramín ang hagdan mo?

INDAY

Bakit? Saan mo gagamitin?

NITA

May butas ang bubong namin. Tatapalan ko lang kasi kagabi may naninilip kay Buday.

INDAY

Naninilip? Sino?

NITA

Ewan ko! Lintek, matagal na naming naririnig yan kaluskos pag gabi. Ang akala namin kung anong hayop lang. Yun pala, may naninilip kay Buday.

INDAY

Diyos ko! Ano ba naman 'yan. Nakakatakot yan ah. Wala pa naman kayong kasamang lalake. Mag-iingat kayo mare. Wala pa naman si Lino. Si Nonoy nasaan?

NITA

Iniwan na namin. Naglalaro eh. Ayaw kasing magpaiwan itong isa. Natatakot parin sa bahay.

Lalabas ng kuwarto si Panggol. Pupungas-pungas pa at mukhang puyat. Magugulat nang makita si Nita at Buday na nasa pinto. Bigla sana siyang papasok uli sa kuwarto nang mapansin siya ng kanyang asawa.

INDAY

Oy, Panggol, Kunin mo nga yung hagdan natin sa likod ng bahay. Hihiramin daw ni mareng Nita.

PANGGOL

Ah ganun ba. Ako na ang maghahatid sa inyo mare. Maliligo lang ako.

NITA

Naku huwag na pare. Kaya na naming yan. Dalawa naman kami ni Buday.

Lalabas sa likod ng bahay si Panggol. Kukubli ito sa pinto at sisilip sa puwang ng bisagra si pinto. Pagmamasdan niya ang hubog ng katawan ni Buday.

Mariring na tuloy-tuloy parin ang kuwento ni Inday.

(OFF CAM) INDAY

Alam mo mare parang may duda ako kung sino ang naninilip na yan. Baka si Bingkol yan. Kasi nahuli ni Doris na sinusundan niya si Susan sa ilog. Nagsabunutan pa nga daw ang dalawa. Hay naku, bukas ko nalang ikuwento sayo sa palengke. Siyanga pala padadalhan kita mamaya na ulam ha. Nanalo kasi sa sabong si Uwa at Panggol kahapon kaya gabi na nakauwi yang asawa ko at maraming dalang ulam.

## **SEQ 12. TABING KALSADA. EXT. HAPON**

Nakaupo si Nonoy sa ilalim ng kahoy sa labas ng kanilang bahay kung saan niya palagi hinihintay ang kanyang ama. Dadating si Nita at Buday na buhat-buhat ang hagdan. Makikita sila ni Nonoy at tatakbo papunta sa kanila. May dadaan na sasakyan at muntik



na siyang masagasaan. Mapapasigaw si Nita, mabibitawan ang hagdan, kakargahin at yayakapin ang anak.

**SEQ 13. INT. BAHAY. HAPON**

Ipupuwesto ni Nita ang hagdan para akyatin at ayusin ang sirang bubong. Nakaupo lang si Nonoy sa tabi habang pinagmamasdan ang ina. Aakyat ng hagdan si Nita upang simulan ang pag-aayos ng bubong.

NITA

Umupo ka lang diyan ha. Wag kang lumabas. Pagkatapos mag-igib ng ate mo tsaka kayo maglaro sa labas.

Sisimulan ni Nita ang pag-aayos ng kanilang bubong.

**SEQ 14. INT. BAHAY. HAPON**

Maubos ang pantali na hawak ni Nita. Uutusan niya si Nonoy na iabot ang iba pang pantali. Tatayo ang bata at tatawid sa ilalim ng hagdan. May aabutin si Nita sa mas mataas na bahagi ng bubong. Pilit niya itong aabutin. Madudulas siya at matutumba ang hagdan. Tiyempo naman patawid na pabalik si Nonoy. Mababagsakan siya ng hagdan. Tatama ang hagdan sa kanyang ulo. Tutumba siya at mauumpog pa ito sa batong panghasa na nasa sahi.

**SEQ 15. INT. BAHAY. HAPON**

Babangon si Nita mula sa pagkabagsak. Hindi pa niya alam ang nangyari kay Nonoy. Masakit ang kanyang balakang. Tatawagin niya si Nonoy. Lilingunin niyaa at makikita niya si Nonoy na nakahandusay sa sahi. Lalapitan niya ito at makikita ang duguan at walang malay na bata. Sisigaw siya. Iiyak at yayakapin niya si Nonoy habang sumisigaw ng saklolo.

Padating na si Buday bitbit ang timbang may lamang tubig. Maririnig ang sigaw ng ina. Papasok siya ng pinto ng makakasalubong niya ang ina, karga ang duguan niyang kapatid. Bibitiwan niya ang timba at matatapon ang tubig. Uutusan ni Nita si Buday na humingi ng saklolo sa mga kapitbahay.

Tatakbo si Buday habang umiiyak at sumisigaw ng saklolo.

**SEQ 16. EXT. TABING DAGAT. DAPIT HAPON.**

Nasa isang tinitirahang maliit na kubo sa tabing dagat si Lino. Kauwi lang niya galing sa trabaho. Nagliligpit siya ng kanyang damit. Dadating si NOEL na kasamahan niya sa trabaho. Nagmamadali. Malayo pa ay tinatawag na niya si Lino.

NOEL

Lino! Lino!

Hapung-hapo siyang titigil sa harap ni Lino.

NOEL

Bakit ka nagliligpit? Uwi ka?

LINO

Sa makalawa pare. May pinapadalang papeles si boss sa kapitolyo. Napaaga ang uwi ko. Tamang tama kasi nami-miss ko na talaga ang pamilya ko.

Titingin si Noel kay Lino. Para bang may sasabihin na di niya kayang bigkasin.

LINO

Bakit pare? May problema ka?

NOEL

May masamang balita pare. Paalis na ako sa opisina ng biglang may nag-radyo.

LINO

Sino? Anong sabi?

Naku baka i-postpone ang uwi ko no? Wag naman sana pare. Excited na ako eh.

NOEL

Hindi pare, kailangan mo na talagang umuwi bukas. Yung bunso mong anak na si Nonoy..

Biglang tatahimik ang paligid. Tuloy lang ang pagsasalita ni Noel. Nagpapaliwanag pero walang maririnig. Makikitang masinsinang nag-uusap ang dalawa. Mag-iiba ang mukha ni Lino habang nakikinig sa kasama. Hindi maintindihan ang pakiramdam. Para bang sumikip ang kanyang dibdid at halos di makahinga. Parang may kahon na bumalot sa kanyang ulo at nagdilim ang kanyang paningin. Ramdam niya na parang may sumuntok sa kanyang sikmura. Hindi siya makagalaw na para bang ibinaon ang kanyang mga paa sa buhangin.

**SEQ 17. EXT. TABING DAGAT. DAPIT HAPON.**

Makikitang na nagsasalita parin si Noel. Tahimik parin ang paligid. Tatalikod si Noel at aalis. Maiiwan si Lino na "shock" parin sa narinig na balita. Magwawala ito at ihahampas at lahat ng bagay sa kanyang paligid.

Upo sa buhangin si Lino. Parang nabagsakan siya ng langit. Tutulo ang luha sa kanyang mga mata. Dadampot siya ng buhagin at

kikimkinin ito ng napakahigpit. Makikita ang galit at poot sa kanyang mga mata.

CUT TO BLACK.

CREDITS.